

Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 77

“25 Makipagkasundo ka agad sa iyong kaalit, samantalang ikaw ay kasama niya sa daan; baka ibigay ka ng kaalit mo sa hukom, at ibigay ka ng hukom sa punong kawal, at ipasok ka sa bilangguan. 26 Katotohanang sinasabi ko sa iyo, Hindi ka aalis doon sa anomang paraan, hanggang hindi mo mapagbayaran ang katapustapusang beles.” (Mateo 5:25-26 KJV)

Tayo’y magpapatuloy na pag aralan ang pagsasabuhay ng sinabi ni Jesus at kung paano Niya nais na maging tapat tayo sa Dios at sa tao sa pamamagitan ng pagbabayad ng nararapat para sa atin sa Dios, sa simbahan, sa mga tao at sa mga pamahalaan.

10. Huwag maging tagapanagot: “26 Huwag kang maging isa sa kanila na nakikikamay, o sa kanila na mangananagot sa mga utang: 27 Kung wala kang ikabayad, bakit kaniyang kukunin sa iyo ang iyong higaan?” (Kawikaan 22:26-27 KJV) Narito ang panibagong babala kung inilagay mo ang iyong sarili bilang isang tagapanagot at mayroong mga dokumento tungkol doon, kung gayon ikaw ay mapipilitang magbayad. Ang kahulugan ng ***“mangananagot sa mga utang”*** ay ang tagapanagot para sa mga utang ng ibang tao.

Sa Biblia, ang manghihiram ay alipin ng nangpapahiram. ***“Ang mayaman ay magpupuno sa dukha, at ang manghihiram ay alipin ng nagpapahiram.” (Kawikaan 22:7 KJV)*** Sa talinghaga ni Jesus sinalita niya ang tungkol sa pagpapatawad, Sinalita Niya ang tungkol sa alipin na may utang sa kanyang panginoon at hindi kayang magbayad kung paanong nais siyang ipabilanggo ng kanyang panginoon: ***“25 Datapuwa’t palibhasa’y wala siyang sukat ibayad, ipinagutos ng kaniyang panginoon na siya’y ipagbili, at ang kaniyang asawa’t mga anak, at ang lahat niyang tinatangkilik, at nang makabayad. 26 Dahil dito ang alipin ay nagpatirapa at sumamba sa kaniya, na nagsasabi, Panginoon, pagtuisan mo ako, at pagbabayaran ko sa iyong lahat.” (Mateo 18:25-26 KJV)*** Ang iyong utang ay kailangang mong ayusin ang mga ito. Kung ikaw ay tagapanagot kung gayon ikaw ay nasa pagkakautang.

May iba na tumatayong tagapanagot o tagapagtangkilik para sa iba na nanghihiram ng salapi at ipinangako ang kanilang sarili upang iligtas ang kanilang kaibigan. Kapag ang iyong kaibigan ay nabigong magbayad kung gayon ang mga nagpautang ay pupunta at guguluhin ka. Ang Biblia ay hindi nagbibigay katwiran sa iyo upang maging tagapanagot para sa ibang tao; ***“1 Ang mga kawikaan ni Salomon na anak ni David na hari sa Israel: 2 Upang umalam ng karunungan at turo; upang bulayin ang mga salita ng pagkaunawa; 3 Upang tumanggap ng turo sa pantas na paguugali, sa katuwiran, at kahatulan, at karampatan; 4 Upang magbigay ng katalinuhan sa musmos. Kaalaman at pagbubulay sa Kabataan: 5 Upang marinig ng pantas, at lumago sa ikatututo: at upang tamuhin ng taong may unawa ang magagaling na payo:” (Kawikaan 6:1-5 KJV)*** Kailangan mong yumaon at palayain ang iyong sarili kung hindi pipilitin ka nilang magbayad, maging sa punto na pipilitin ka nilang ipagbili ang iyong mga gamit upang bayaran sila. Maaring tinawag tayo upang tumulong, ngunit upang maging tagapanagot ang mali doon ay kinukuha mo ang pananagutan ng iba at ginagawa ang mga ito. Dapat nilang bayaran ang kanilang sarili mga utang at hindi ikaw. Ang ilang mga tao ay aalis at manghihiram ng salapi at ibibigay sa iba, iyon din ay mali, dahil ginagawa mo ang pananagutan ng ibang tao at ng hindi sa iyo.

Hindi babaguhin ng Dios ang Kanyang kaisipan at ang Kanyang Salita. Hindi poprotektahan ng Dios ang mga nanagot para sa iba at tatayong tagapanagot para sa mga ito. Ipinapakita ng Banal na Kasulatan na ang mga gumagawa ng mga iyon ay walang karunungan: ***“Ang taong walang unawa ay nakikikamay, at nagiging mananagot sa harapan ng kaniyang kapuwa.” (Kawikaan 17:18 KJV)*** Ang nagiging tagapanagot upang tulungan ang kanilang mga kaibigan. Kahit na ginagawa mo ito sa isang dayuhan kamumuhian ka ng Dios kung gagawin mo iyon, ***“Kunin mo ang kaniyang suot na nananagot sa di kilala; at tanggapan mo ng sanla ang nananagot sa mga di kilala” (Kawikaan 11:16 KJV)*** Bakit? Dahil iyon ay kanyang pananagutan upang bayaran ang kanyang utang. Maari kang tumulong ngunit huwag maging isang tagapanagot. Kaya kailangan nating kamuhian kung ano ang kinamumuhian ng Dios upang makatiyak. ***“Siyang nananagot sa di kilala, ay mapapariwara: nguni’t siyang nagtatanim sa pananagot ay tiwasay.” (Kawikaan 11:15 KJV)*** Hindi dapat tayong tumayong tagapanagot para sa di kilalang tao at sumailalim sa maraming pagkawala, kung kamumuhian nating gawin iyon, kung gayon tayo ay maliligtas.

11. Hinarap ni Moises ang mga naghimagsik sa kanya at sinabi sa Dios na wala siyang kinuha anumang bagay mula kaninuman sa kanila: “15 At si Moises ay nag-init na mainam, at sinabi sa Panginoon, Huwag mong pagpitaganan ang kanilang handog: ako’y hindi kumuha ng isang asno sa kanila ni gumawa ng masama sa kanino man sa kanila.” (Bilang 16:15 KJV) Sinabi ni Moises sa Dios ang tungkol sa mga sumalangsang sa kanya na wala siyang kinuhang anumang bagay sa kanila at hindi niya sila sinaktan. Hindi dapat nating gamitin ang ating posisyon upang gumawa ng pakinabang o saktan ang iba.

12. Hinarap ni Samuel ang mga tao na pinamunuan at hinatulan, na wala siyang kinuhang anumang bagay mula sa isa sa kanila: “3 Narito ako: sumaksi kayo laban sa akin sa harap ng Panginoon, at sa harap ng kaniyang pinahiran ng langis: kung kaninong baka ang kinuha ko? kung kaninong asno ang kinuha ko? o kung sino ang aking dinaya? kung sino ang aking pinighati? o kung kaninong kamay ako kumuha ng suhol upang bulagin ang aking mga mata niyaon? at aking isasauli sa inyo. 4 At kanilang sinabi, Hindi ka nagdaya sa amin, ni pumighati man sa amin, ni tumanggap man ng anoman sa kamay ng sinoman.” (1 Samuel 12:3-4 KJV) Sa pagkakataong pagtatalaga sa kanila ng bagong hari, hinarap ni Samuel ang mga tao kung may kinuha siya sa kanila, o sinamantala, at handa siyang ibalik ito. Alam natin kung ano ang pagkuha ng baka o pagkuha ng asno. Ang kahulugan ng panloloko ay ang pandaraya, panloloko, panggagantso, panloloko, pagsamantala, o paggamit ng mga tao para sa kanyang mga personal na bagay. Ang kahulugan ng pang aapi ay pagsira, pagsasamantala, o pagpapasakop sa isang tao sa pamamagitan ng paggawa ng mga bagay mula sa Salita ng Dios o sa kalooban ng Dios na makakuha ng salapi o iba pang mga mapagkukunan. Ngunit hindi ibig sabihin na hayaan ang mga tao na gawin ang kanilang pinaniniwalaan. Walang demokrasya sa simbahan pero ginagawa natin kung nais ng Dios na gawin natin. Sa mga ayaw, kalaunan ang kanilang sarili aalis sila sa simbahan, Ngunit tayo bilang simbahan at namumuno ng simbahan ay hindi pahihintulutan ang mga tao na pighatiin tayo sa kanilang maling doktrina ng buhay. Maari nating tiisin nang may kahinahunan ang ilang mga tao hanggang magbago sila ng kanilang mga gawain, ngunit hindi natin hahayaan sila na baguhin nila ang turo at doktrinang itinuturo sa atin Salita ng Dios; sa huli sila mismo ang aalis sa simbahan. Sa pangyayaring iyon mababasa natin sa **1 Samuel 12:3-4** tinanggihan ng mga tao si Samuel at humiling ng isang hari sa halip na siya. Sinangayunan ni Samuel ang gusto nila dahil sinabi ng Dios sa kanya na ibigay sa kanila kung anong hiniling nila at ipinaliwanag ng Dios sa kanya na tinanggihan ng mga tao ang Dios at hindi si Samuel. Kaya hinarap sila ni Samuel sa araw na iyon na pinagtibay ang kaharian ng bagong hari.

13. Handang bayaran ni Pablo kay Filemon kung anumang kinuha ni Onesimo kay Filemon upang palayain si Onesimo: Si Onesimo ay alipin ni Filemon ngunit gumawa ng masama at tumakas sa kanya. Si Filemon ay isang mananampalataya. Nang tumakas siya mula sa kanyang amo ay nahuli siya at ikinulong, at doon niya nakilala si Pablo na nakakulong dahil sa kanyang pananampalataya sa pangangaral kay Cristo. Ipinangaral ni Pablo kay Onesimo ang evangelio at nagsisi si Onesimo at nanampalataya at sinimulan niyang sumunod kay Cristo at ang panahon ay dumating na siya ay pinalaya at narito ay inutusan siya ni Pablo na pumaroon sa kanyang panginoon na batid ni Pablo, at sa ganitong kadahilanan sumulat si Pablo ng isang sulat kay Filemon, na nakasulat sa Biblia, pagpapabalik kay Onesimo at paghingi sa kanya na patawarin siya at tanggapin siya. Sinasabi sa kanya ang mga sumusunod: **“17 Kung ako nga ay inaari mong kasama, ay tanggapin mo siyang tila ako rin. 18 Ngunit kung siya'y nagkasala sa iyo ng anoman, o may utang sa iyong anoman, ay ibilang mo sa akin; 19 Akong si Pablo na sumusulat nito ng aking sariling kamay, ay siyang magbabayad sa iyo: hindi sa sinasabi ko sa iyo na ikaw man ay utang mo pa sa akin.” (Filemon 1:17-19 KJV)**

Ipinahayag din dito ni Pablo ang kanyang kahandaang magbayad sa ngalan ni Onesimo kung mayroon siyang anumang utang sa kanyang panginoon, si Filemon, nang sinabi niya, **“ngunit kung siya'y nagkasala sa iyo ng anoman, o may utang sa iyong anoman, ay ibilang mo sa akin;”** kasama iyon hindi masisisi si Pablo na siya ang nagdulot ng anumang pinansiyal na pagkalugi para kay Filemon. Ngunit ipinaalala rin ni Pablo kay Filemon na siya, si Filemon, ay kailangang magbayad kay Pablo ng kanyang sarili, **“23 Akong si Pablo na sumulat nito ng aking sariling kamay, ay siyang magbabayad sa iyo: hindi sa sinasabi ko sa iyo na ikaw man ay utang mo pa sa akin.” (Filemon 1:19 KJV)** Ito dito ipinapakita nito ang kahalagahan na bayaran ang espirituwal na utang sa mga nagturo sa atin ng Salita ng Dios at nagpapakita sa atin ng daan. Kailangan ba nating ipaalala sa mga taong inialay natin sa kanila ang mabubuting bagay at pinaglingkuran sila, na bayaran tayo? Pinaalalahanan ni Pablo si Filemon at hiniling na magbayad ito. Oo kailangan nating gawin iyon at hilingin sa kanila na magbayad kapag hinamon silang gawin din ito para sa atin o sa iba at sila ay tumatanggi, o kapag nakita natin na sila ay hindi tapat. Kaya si Pablo ay nag iingat upang isulat ito upang si Filemon ay mapilitang sumunod sa mga tagubilin ni Pablo. Ginawa ko ang mga ito sa mga hindi tapat, na umalis sa simbahan matapos nilang tanggapin ang mabubuting bagay mula sa Dios at mula sa simbahan. Hiniling ko sa kanila na magbayad sa kung anong nararapat na bayaran nila.

Sa espirituwal na pananagutan maihahayag natin sa **Mateo 5:25-26** gaya ng sumusunod: **“Makipagkasundo”** makipagkasundo at makipagpayapaan sa iyong **“kaalit”** na katarungan ng Dios o ang Dios Mismo na humihiling sa iyo na bayaran ang mga utang na kailangan mong bayaran para sa iyong mga kasalanan at pagkukulang patungo sa Dios at sa mga tao; **“kaagad”** huwag ipagpaliban na gawin iyon, pagkaantala ay pagsuway; **“samantalang ikaw ay kasama niya sa daan;”** habang ikaw ay nasa kasalukuyang panahon ng buhay, habang ikaw ay buhay pa at batid at habang hiniling sa iyo na gawin kung ano ang tama at bayaran kung anong nararapat sa iyo; dahil **“baka ibigay ka ng kaalit mo sa hukom,”** hindi mo masasabi kung kailan ka mamatay at hindi mo masasabi kung anong oras ipapadala ng Dios ang Kanyang paghatol sa iyo; **“ang hukom”** ang Dios mismo, si Jesu-Cristo; **“at ibigay ka ng hukom sa punong kawal, “sa punong kawal”,** ay ang diablo, ang nag aakusa, na sasabihin sa Dios ang iyong mga kasalanan, at pakikinggan ng Dios ang mga iyon dahil iyon ay kailangang maituwid; **“at ipasok ka sa bilanguan.” “bilanguan”** ay ang disiplina ng Dios habang ikaw ay

buhay pa, o ito ay sa hukay ng impierno at ang walang hanggang apoy pagkatapos ng kamatayan; **“Katotohanang sinasabi ko sa iyo, Hindi ka aalis doon sa anomang paraan”**, Tiyakin sa iyong sarili ito kung saan ipahayag ang imposible ng pagpapalaya ng may utang. Ang nagpapautang ay pipilitin ang may utang, at ang may utang ay mapipilitang sumama sa kanya sa mas mataas na awtoridad. Walang paraan para makatakas ka sa pagsubok ng pagbabayad maliban kung magbabayad ka hanggang sa huling sentimo, **“hanggang hindi mo mapagbayaran ang katapustapusang beles**. ang pinakamaliit na kasalanan, na hindi kailanman maipagpapatawad nang walang pagsisisi at kasiyahan sa taong ating nasaktan at ang mga pinsalang nagawa natin sa gayong kasalanan sa Dios, sa simbahan, sa tao at sa mga pamahalaan. Ilagay mo rin sa iyong isipan na walang daan upang makalabas ka mula sa impierno kung naroon ka na kaya mas mabuting magsisi ka na ngayon.

“23 Kaya't kung inihahandog mo ang iyong hain sa dambana, at doo'y maalaala mo na ang iyong kapatid ay mayroong anomang laban sa iyo, 24 Iwan mo roon sa harap ng dambana ang hain mo, at yumaon ka ng iyong lakad, makipagkasundo ka muna sa iyong kapatid, at kung magkagayon ay magbalik ka at ihandog mo ang iyong hain.” (Mateo 5:23-24 KJV) Ang anyo ng pakikipagkasundo ay iniharap bilang kailangan tungkol sa mga utang, ‘Humayo ka, at makipagkasundo sa iyong kapatid, maging makatarungan sa kanya, makipagkaibigan sa kanya’, dahil habang patuloy ang away, hindi ka karapat dapat na dalhin ang iyong kaloob sa dambana, hindi angkop na manalangin, hindi angkop na lumapit sa hapag ng Panginoon, hindi angkop na maglingkod sa Dios, at kaya hindi ka karapat dapat mamatay: kung magpupumilit ka sa kasalananang ito, may panganib na bigla kang maagaw ng poot ng Dios, na ang paghatol ay hindi mo matatakas at magtatapos sa impierno na kung saan ay sa bilangguan, at para sa lahat ng nabubuhay at namamatay sa masama at sa kawalang galang at kasamaan; sila’y magtatapos doon, walang daan palabas sa bilangguan iyon upang tumakas.

Sa lahat ng mga halimbawang ito na ating tinalakay, sa huli ang taong nasaktan ay ang Dios at kailangan nating makipagkasundo sa Kanya sa pamamagitan ni Jesucristo na ating Panginoon. Samakatuwid, makipagkasundo sa iyong kaaway, na ang Dios at ang Kanyang Salita at Kanyang kalooban, at gawin kaagad ang hinihiling Niya sa iyo habang ikaw ay nasa landas ng buhay na ito. Huwag magmalaki sa Dios. Ito ay ating pag aalala na sumang ayon sa Dios, upang makipagkilala ang ating sarili sa Kanya at maging kaibigan sa Kanya at ibalik ang ating pagkakaibigan sa Kanya, upang tayo ay maging mapayapa, **“Makipagkilala ka sa kaniya, at ikaw ay mapayapa: anopa't ang mabuti ay darating sa iyo.” (Job 22:21 KJV)** Kapag ipinakumbaba mo ang iyong sarili sa harapan ng Dios at sumunod sa Kanya, at maging mapayapa sa Kanya, ang mabubuting bagay at pagpapala ay darating sa iyong buhay. **“Kami nga'y mga sugo sa pangalan ni Cristo, na waring namamanhik ang Dios sa pamamagitan namin: kayo'y pinamamanhikan namin sa pangalan ni Cristo, na kayo'y makipagkasundo sa Dios.” (2 Corinto 5:20 KJV)** Ito ay ating karunungan na gawin ito kaagad, habang tayo’y nasa daan, habang tay ay buhay pa dahil pagkatapos ng kamatayan, ito’y magiging huli na gawin ito; kaya huwag mong bigyan ng tulog ang iyong mata hanggang sa matapos ito. Si Cristo ang Hukom, na kung saan ang mga di nagsisisi na makasalanan ay ihahatid upang hatulan; sapagkat ang lahat ng paghatol ay ipinagkatiwala sa Anak. Ang mga nagpapatuloy sa kalagayan ng pagkapoot sa Dios ay patuloy na nalalantad sa mga paghuli sa Kanyang katarungan, at sa mga pinaka kakila kilabot na mga pagkakataon ng Kanyang poot habang sila ay buhay, at mananatili sila sa walang hanggang apoy magpakailanman kung ang kamatayan ay umabot sa kanila habang sila ay nakikipagkaalit pa sa Dios.

Sa aking mahal at minamahal: Panahon na para sa iyo ay magsisi, magpakumbaba, at panibaguhin ang iyong isipan at isaalang alang ang Banal na Kasulatan na kailangan mong pag aralan at ilapat sa iyong buhay. Ang Dios ay mapagpaumahanhin, ngunit huwag Siyang abusuhin. Pati na rin hindi Niya hahayaan na abusuhin mo Siya magpakailanman. Makipagkasundo sa Dios, baguhin ang iyong mga landas, magsisi sa iyong mga kasalanan, sumang ayon sa Kanya at hayaan ang Kanyang mga pagpapala ay manumbalik sa iyo. Lumapit ngayon sa Panginoon sa pagsisisi at maging handang tumalima sa Salita ni Jesus upang managot at magbayad kung anong nararapat na bayaran mo sa Dios at sa tao. Maging handang tumalima sa mensahe at maging handa na mapayuhan upang malutas ang suliranin sa iyong pananalapi upang mabuhay ka sa pagsunod sa plano ng Dios para sa iyo at sa iyo.

Ang aking panalangin: Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay na maguli sa mga namatay noong ikatlong araw upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Ako’y nagpapasalamat sa iyo Panginoon para sa iyong Salita na ipinakita sa akin ang maling gawin at kung saan nabigo kita at kung paanong kailangan kong ituwid ang aking mga landas upang paluguran ka at gawin ang iyong kalooban.

Ipagtapat at talikdan ang iyong mga sumusunod na mga kasalanan; sa paggamit sa iyong sarili na tagapanagot sa iba, pananamantala sa iba na nasa ilaim ng iyong paggabay at pangangalaga, hindi pagbabayad sa kung anong iyong tinanggap sa turo at pagsasanay, ang iyong pag antalang pagsunod at pagpapaliban na makipagkasundo sa Dios at sa tao at sa pag antala ng pagpapabayad kung anong nararapat sa iyo. Panginoon ipinagtapat at tinalikdan ang sumusunod na mga kasalanan _____.

Panginoon salamat para sa aking mga kapatid na lalaki at babae at handang baguhin ang kanilang mga landas at bayaran kung anong nararapat para sa kanila patungo sa iyo at sa mga tao. Panginoon itaguyod sila at bigyan sila ng pagtitiyaga upang tiisin ang disiplina na iyong itinakda sa kanila na pagdaanan upang makamit ang iyong kalooban.

Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan upang patuloy na magturo at ipatupad ang iyong Salita sa aming buhay. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng espirituwal na mga kaloob na magpatuloy at maglingkod sa iyo. Panginoon tulungan kami na mag evangelio at gumawa ng mga alagad at sanayin ang mga manggagawa. Panginoon paging dapatin kami na magtanim ng bagong pag aaral ng Biblia at bagong mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay upang hindi namin madama ang sakit, Ang biyaya ng Panginoong JesuCristo at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu, ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerong: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com